Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

AUG 19 2022

**Advisory No. 184, s. 2022**
Agosto 19, 2022

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang advisory na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO. No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.

**ANG PAGSULAT NG PANANALIKSIK SA FILIPINO AY PAGLINANG SA KULTURANG PILIPINO**

Kalakip nito ang DepEd NCR Advisory No. 208, s. 2022 na may petsang Agosto 15, 2022 at may paksang: ***Ang Pagsulat ng Pananaliksik sa Filipino ay Paglinang sa Kulturang Pilipino*** para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Bilang karagdagan, ang mga paaralan ay pinapaalalahanan *sa "No Collection and No Selling of Tickets Policy"* na nakasaad sa mga DepEd Order No. 19 at 40, s. 2008 at RA Nos. 4206 at 5546.

**NERISSA ROXAS-LOMEDA PhD**
Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala

JABC/ Ang Pagsulat ng Pananaliksik sa Filipino ay Paglinang sa Kulturang Pilipino
184 / Agosto 19, 2022

pdx. Cally. - gr Alyang . Tb

DEPARTMENT OF EDUCATION - NCR
RELEASED
RECORDS SECTION, DEPED NCR
AUG 17 2022
BY: DATE:

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

DNCR-F-ORD-038/01112019

SDO-CITY OF MUNTINLUPA
Received
Date 8-18-22
Time 8:10a

Advisory No. 208, s. 2022
August 15, 2022
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement, per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/ staff as well as the concerned public
(Visit www.deped.gov.ph)

Ang Language Instruction Towards Excellence (LITE) Program, Kolehiyo ng Sining at Agham-University of the Philippines Los Banos, na nag-iimbita sa mga guro at mag-aaral sa isang libreng webinar na pinamagatang **"Ang Pagsulat ng Pananaliksik sa Filipino ay Paglinang sa Kulturang Pilipino"** na gaganapin sa ika-29 ng Agosto 2022 (ala-una ng hapon) sa pamamagitan ng Zoom.

Tatalakayin dito ang kahulugan ng pagpili ng wika sa pananaliksik, kabuluhan ng wika sa paglinang ng kultura, at kahalagahan ng pagpili ng guro sa kabila ng mga nagtutunggaling polisiya sa edukasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na Facebook page: @uplb.cas.liteprogram at para sa may katanungan magbigay ng mensahe sa casliteprogram.uplb@up.edu.ph o kontakin si Bb. Erica Rivas sa 09561450478.

CLMD/mggt

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
Tel. Nos.: 920-5824: 926-2213 loc. 801
Email Address: ncr@deped.gov.ph
Website: http://www.depedictncr.wordpress.com

COLLEGE OF ARTS AND SCIENCES
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LOS BAÑOS
2/F College of Arts and Sciences (CAS) Bldg., UPLB, College, Laguna 4031
+63 49 536 2402 | +63 49 501 5822 | casliteprogram.uplb@up.edu.ph
https://www.facebook.com/uplb.cas.liteprogram


***LANGUAGE INSTRUCTION TOWARDS EXCELLENCE (LITE) Program***

15 Agosto 2022

Wilfredo E. Cabral
Direktor Rehiyonal
Kagawaran ng Edukasyon, National Capital Region
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City

Kagalang-galang na Direktor Cabral:

Pagbati mula sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños!

Kayo'y malugod na iniimbitahan ng Language Instruction Towards Excellence (LITE) Program ng Kolehiyo ng Sining at Agham-UPLB sa "**Ang Pagsulat ng Pananaliksik sa Filipino ay Paglinang sa Kulturang Pilipino**", isang webinar para sa mga guro at mag-aaral na gaganapin sa **ika-29 ng Agosto 2022 (ala-una ng hapon)** sa pamamagitan ng Zoom. Ang imbitasyon ay para sa inyo at sa inyong nasasakupan. Ito'y libre at magkakaroon ng sertipiko para sa mga dadalo.

Ngayong Buwan ng Wika, ating palalimin ang pag-aaral sa koneksyon ng ating kultura sa wika sa akademya. Sa webinar na ito ay tatalakayin ang "kahulugan ng pagpili ng wika sa pananaliksik, kabuluhan ng wika sa paglinang ng kultura, at kahalagahan ng pagpili ng guro sa kabila ng mga nagtutunggaling polisiya sa edukasyon."

Ang lektor ay si Prop. Jonelle Marin, katuwang na propesor sa Departamento ng Humanidades (DHum), Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) na kabilang sa ad hoc na komiteng nag-aaral ng muling pagbuhay sa UP Sentro ng Wikang Filipino – Los Baños at kasalukuyang tagapangulo ng Dibisyon ng Wika sa DHum.

Dahil sa limitasyon sa bilang ng maaaring pumasok sa Zoom, pinaanyayahan naming kayo'y **maagang magparehistro** kasama ng inyong mga estudyante. Ang rehistrasyon ay maaaring gawin sa link na ito: https://bit.ly/filpananaliksik.

Ang webinar ay kabilang sa mga aktibidades ng UPLB LITE, na naglalayon na makapagbigay ng espasyo online kung saan maaaring malayang makipagpalihan, katuwang ang iba't-ibang mga guro, estudyante, at staff sa UPLB. Ang mga webinar ay nawa'y maging lugar ng pagpapalago ng potensyal ng bawat guro, mag-aaral, at maging mga magulang sa panahon ng COVID-19.

COLLEGE OF ARTS AND SCIENCES
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LOS BAÑOS
2/F College of Arts and Sciences (CAS) Bldg., UPLB, College, Laguna 4031
+63 49 536 2402 | +63 49 501 5822 | casliteprogram.uplb@up.edu.ph
https://www.facebook.com/uplb.cas.liteprogram

***LANGUAGE INSTRUCTION TOWARDS EXCELLENCE (LITE) Program***

Ang LITE Program ay ang extension arm ng UPLB-CAS para sa pagtuturo ng wikang Ingles para sa mga pandaigdigang mag-aaral kung saan nilalahad din ang mga kaalaman ukol sa kultura ng Pilipinas bago ang kanilang pagsabak sa pag-aaral sa unibersidad. Taong 2020 nang magsimula ang pagsagawa ng LITE ng mga webinars tungkol sa iba't-ibang paksa bilang karagdagang programa bukod sa pagbibigay ng pagsasanay sa lenggwaheng Ingles.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang aming opisyal na Facebook page: @uplb.cas.liteprogram. Kung mayroon naman kayong katanungan, maaaring magbigay ng mensahe sa **casliteprogram.uplb@up.edu.ph**, o kontakin si **Bb. Erica Rivas** sa **0956 145 0478**.

Maraming salamat,

**Prop. Kristine K. Adalla**
Tagapag-ugnay, LITE Program

# ANG PAGSULAT NG PANANALIKSIK SA FILIPINO AY PAGLINANG SA KULTURANG PILIPINO



isang webinar
kasama si
Prop. Jonelle Marin



Si Jonelle E. Marin ay **kasalukuyang katuwang na propesor sa Departamento ng Humanidades (DHum)**, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB). Nagtapos siya ng digring batsilyer sa parehong unibersidad at ng MA Filipino (Wika) naman mula sa UP Diliman. Ang kaniyang tesis masterado ay pagsusuri ng mga memorandum ng CHED hinggil sa GE sa kolehiyo bilang mga instrumento ng neoliberalisasyon sa edukasyon.

Kasalukuyan siyang nagtuturo ng mga kurso hinggil sa wikang Filipino at pagsusulat na argumentatibo. **Kasama rin siya sa ad hoc na komiteng nag-aaral ng muling pagbuhay sa UP Sentro ng Wikang Filipino – Los Baños.** Kasalukuyan siyang tagapangulo ng Dibisyon ng Wika sa DHum.

ika-29 ng Agosto 2022
ala-una ng hapon
sa Zoom

Magrehistro dito:
bit.ly/filpananliksik